# Kataga ng Buhay

**Enero** 2020

## “**Napakainam ng pakita sa amin ng mga tagaroon**”

**(Gawa 28:2)** .

Dalawang daan at pitumpu’t anim na kataong inanod sa dagat ang nakarating sa isang isla sa Mediteranyo makalipas ang dalawang linggo mula nang masira ang barkong sinasakyan. Sila’y nababad sa dagat, patá sa sobrang pagod at takot. Naranasan nila ang kawalan ng kakayahan laban sa lupit ng kalikasan at malagay sa bingit ng kamatayan. Kabilang sa kanila ay isang bilanggong patungo sa Roma upang litisin sa harap ng emperador.

Ang balitang ito ay hindi nangyari sa ating panahon. Nangyari ito kay San Pablo, ang apostol na dinala sa Roma upang kamtin ang korona ng kanyang misyon bilang tagapangaral ng Mabuting Balita sa pamamagitan ng kamatayan bilang isang martir.

Pinalakas siya ng di-matitinag na pananampalataya sa kabutihang-loob ng Diyos. Bagamat isang bilanggo, nakuha din niyang palakasin ang loob ng mga kasama hanggang mapadpad sila sa dalampasigan ng Malta.

Sinalubong sila ng mga taga-isla, na gumawa ng malaking apoy upang magkaroon sila ng bagong lakas. Inalagaan din sila sa loob ng tatlong buwang tag-lamig at pagkatapos ay pinabaunan pa ng mga kakailanganin para maipagpatuloy ang maayos na paglalakbay.

### “Napakainam ng pakita sa amin ng mga tagaroon.”

Naranasan nina Pablo at ng kanyang mga kasamahan ang mainit at kongkretong kabutihan ng mga taong hindi pa nakakatanggap ng liwanag ng Ebanghelyo. Naranasan nila ang pagsalubong na hindi nagmamadali at walang pinipili, isang tunay na pagtulong sa mga bagong dating at walang pagtatangi ng kultura, relihiyon o pinagmulan. Nangyayari lamang ito kung may ugnayang personal at pamayanan.

Ang kakayahang tanggapin ang kapwa ay taglay ng bawat tao, dahil sila ay nilikha sa anyo at katangian ng maawaing Ama. Ito ay nangyayari kahit wala pa ang ningas ng pananampalatayang Kristiyano sa kanilang puso o kung kumupas na ito. Isa itong batas na nakaukit sa puso ng bawat nilalang, na sa tulong ng Salita ng Diyos ay nabibigyang liwanag at nahuhubog, mula pa noong panahon ni Abraham hanggang sa matinding pahayag ni Hesus: “Ako’y isang dayuhan at inyong pinatuloy.”

Ang Panginoon mismo ang nagbibigay-lakas sa atin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya upang marating ng ating marupok na kalooban ang kaganapan ng Kristiyanong pag-ibig.

Sa pamamagitan ng karanasang ito, tinuturuan tayo ni San Pablo na magtiwala sa pagkalinga ng Diyos, kilalanin at pasalamatan ang lahat ng kabutihang ating tinatanggap mula sa kongkretong pagmamahal ng mga taong ating nakakasalamuha.

## “Napakainam ng pakita sa amin ng mga tagaroon.”

Ang katagang ito mula sa Gawa ng mga Apostol ay iminungkahi ng ating mga kapatid mula sa ibat-ibang simbahan ng Malta bilang paksa para sa Linggo ng Panalangin para sa Pagkakaisang mga Kristiyano sa taong 2020.

Ang mga pamayanang ito ay sama-samang tumutulong sa mga mahihirap at dayuhan. Nagbabahagi sila ng pagkain, damit at mga laruan para sa mga bata. Nagtuturo sila ng wikang Ingles upang maging madali ang ugnayan. Nais nilang palakasin ang kakayanang tumanggap ng kapwa at pag-ibayuhin ang kapatiran ng mga Kristiyano mula sa ibat-ibang Simbahan upang magbigay-patotoo sa iisang pananampalataya.

Paano tayo magbibigay-saksi sa pag-ibig ng Diyos sa mga nasa paligid natin? Paano tayo makakatulong sa pagtatatag ng mga nagkakaisang pamilya, nagtutulungang pamanayan at tunay na makataong lipunan? Ito ang mungkahi ni Chiara Lubich:

“Ipinakita sa atin ni Hesus na ang magmahal ay pagtanggap sa kapwa anuman sila tulad ng ginawa Niyang pagtanggap sa atin. Tanggapin natin ang kapwa kabilang ang kanilang mga ninanais, kaisipan, mga pagkukulang at kaibahan. (…) Bigyang-puwang natin sila sa ating puso, alisin ang anumang maling kaisipan, paghuhusga at pagtangi. (…) Walang hihigit na pagpupuri sa Diyos kaysa sa ating pagsisikap na tanggapin ang kapwa. Ganito natin ipinupunla ang pundasyon ng kapatiran.Walang higit na kaligayahang maibibigay sa Diyos kundi ang tunay na pagkakaisa ng lahat. Ang pagkakaisa ang umaakit sa presensya ni Hesus at si Hesus sa ating piling ang magpapanibago sa lahat. Kaya’t lapitan natin ang bawat kapwa nang may pagnanais na tanggapin sila nang buong puso upang malao’t madali ay magmamahalan tayo.”

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812